MARCH 2024 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## NATIONAL WOMEN'S MONTH 2024: KAKAYAHAN NG KABABAIHAN, PATULOY NA INAANGAT SA IMUS



*Ang National Women's Month ay ipinagdiriwang tuwing Marso ayon sa Proklamasyon Blg. 227, taong 1988. Kinikilala ang unang linggo ng buwan bilang Women's Week sa bisa ng Proklamasyon Blg. 224, taong 1988, habang National Women's Day ang Marso 8 kada taon, alinsunod na rin sa Batas Republika Blg. 6949, taong 1990, o "An Act to Declare March Eight of Every Year as a Working Special Holiday to be Known as National Women's Day."*


### WOMEN'S MONTH 2024
Page 1-4
* Kwentuhan na sa Plaza... Mga Bata, Tara Na! kasama si Konsi Yen
* Imuenas Day: Libreng Gupit, Manicure, at Pedicure
* Gender Sensitivity Training: Gender Issues in the Modern Workplace
* Bagong BGFPS Officers Nahalal
* Job Matching ng Imus PESO para sa mga kababaihan
* Women's Forum ng CICLEDO
* Basic Mushroom Production and Training para sa Kababaihang Empleyado ng Imus LGU
* Kahanga-hangang Imusenas
* Women Disability Day

### ENVIRONMENT
Page 5
* Farmers' Field School on Urban Gardening
* World Water Day sa Imus
* Pagbisita ni Mayor AA sa ECO Village

### GOVERNANCE
Page 6 & 7
* Urban Fire Olympics 2024
* 65th Public Library Day
* MOA Signing para sa libreng WI-FI sa Imus
* Pagbuo ng Task Force TOMAHAWK
* Panunumpa ng mga Bagong Opisyal ng Barangay


### INFRASTRUCTURE
Page 8
* Bagong Welcome Arches sa Imus

### AWARDS AND RECOGNITION
Page 8
* 2023 Most Diligent Public Library in the Philippines
* Imus LGU - Top Performing LGUs sa RCEF-SEED Program ng PhilRice

Sa layuning patuloy na maiangat ang karapatan ng bawat kababaihan sa Imus, iba't ibang programa ang isinagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Kababaihan ngayong Marso 2024 sa temang, "Lipunang Patas sa Bagong Pilipinas: Kakayahan ng Kababaihan, Patutunayan!" sa pamumuno ng City of Imus Gender and Development (GAD) Unit.

Naging hudyat ng pagsisimula ng pagdiriwang ang paglalagay ng purple flaglets sa mga tanggapan ng lokal na pamahalaan. Sinundan naman ito ng kick-off ceremony, kasabay ng regular na flag-raising ceremony noong Marso 4, 2024.

Sa talumpati ni Konsehal Yen Saquilayan—namumuno sa Komite ng mga Serbisyong Panlipunan, Pamilya, Kababaihan, Bata, at Matatanda—hinikayat niya ang mga kababaihan na hinding-hindi dapat magpatalo sa ano mang diskriminasyon at uri ng pang-aabuso.





## *KUWENTUHAN NA SA PLAZA . . . MGA BATA, TARA NA! KASAMA SI KONSI YEN*

Nakihalubilo si Konsehal Yen Saquilayan sa kaniyang pagsasalaysay ng kuwentong "Superwoman si Inay" ni Segundo D. Matias Jr. sa 86 na bata noong Marso 6, 2024 sa "Kuwentuhan na sa Plaza . . . Mga Bata, Tara na!"

Nakatanggap din ang mga ito ng munting regalo mula kay Konsi Yen at mga papremyo mula sa palarong inihanda ng Imus City Public Library.



## *IMUSEÑAS DAY: LIBRENG GUPIT, MANICURE, AT PEDICURE*

Naghandog ang Pamahalaang Lungsod ng Imus ng libreng gupit, manicure, at pedicure sa mga Imuseñang bumisita sa New Imus City Government Center noong Marso 8, 2024 bilang pakikiisa sa paggunita ng National Women's Day.

Personal ding binati nina Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Mark Villanueva, at Konsehal Darwin Remulla ang mga Imuseña.



## *GENDER SENSITIVITY TRAINING: GENDER ISSUES IN THE MODERN WORKPLACE*

Pinangunahan ng Local Economic Development and Investment Promotions Office ang pagsasagawa ng "Gender Sensitivity Training: Gender Issues in the Modern Workplace" noong Marso 14, 2024 sa Wellness Center ng New Imus City Government Center.

Kasama ang mga malalaking kumpanya sa Imus, ibinahagi nina Service Level Manager II Winnie Blay ng Department of Labor and Employment at Senior Labor and Employment Officer Arthur Candare ng ING Bank ang nilalaman ng Safe Spaces Act. Ito ay upang maprotektahan ng mga employer ang kanilang mga empleyado mula sa karahasan at pang-aabusong maaari nilang maranasan habang nagtatrabaho.

## BAGONG BGFPS OFFICERS NAHALAL



Idineklara na ang mga bagong halal na Barangay Gender and Development Focal Point System (BGFPS) Officers sa naganap na pagpupulong noong Marso 16, 2024 sa Wellness Center ng New Imus City Government Center.

Hinirang na president si Cecile Novio ng Anabu II-A, vice president si Madeline Sucgang ng Pinagbuklod, secretary si Gina Palesco ng Pag-asa III, assistant secretary si Maria Socorro Sasis ng Bayan Luma V, treasurer si Eleanor Topacio ng Poblacion II-B, assistant treasurer si Neneth Protacio ng Anabu I-F, auditor si Karenn Pangangaan ng Bucandala III, at public relations officer sina Mary Ruby Bautista at Roma Cyryll Jaro ng Tanzang Luma III.

Kasabay nito ay ginanap din ang Orientation on Harmonized GAD Guidelines for BGFPS Members, kung saan ibinahagi ni GAD Specialist Kim Harold Peji ang mga mahahalagang kaalaman kaugnay ng pagpapabuti sa gender-responsiveness ng mga barangay sa pakikisalamuha sa publiko, kabilang na ang tools at forms para sa assessment, monitoring, at evaluation.

Ang BGFPS ay katuwang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagprotekta sa mga kababaihan laban sa karahasan at pang-aabuso.

## PANTAY-PANTAY NA OPORTUNIDAD PARA SA MGA KABABAIHAN SA JOB MATCHING ACTIVITY NG IMUS PESO




Nakiisa ang Imus Public Employment Service Office (PESO) sa pagdiriwang ng Buwan ng Kababaihan sa pagsasagawa ng Job Matching Activity nitong Marso 20, 2024, sa Lotus Central Mall.

Sa 102 registered applicants, 24 ang natanggap agad sa trabaho. Katuwang dito ang 16 na kumpanya kasama ang SSS, PhilHealth, at Pag-IBIG Fund.

Ang Job Matching Activity ay isa sa mga programa ng Imus PESO na layong matulungan ang mga Imuseñong makahanap ng trabahong swak sa kanilang kakayahan.

## MGA HAMON AT OPORTUNIDAD NA KINAKAHARAP NG MGA KABABAIHANG NEGOSYANTE, TINALAKAY SA WOMEN'S FORUM NG CICLEDO



Iminungkahi ng City of Imus Cooperative, Livelihood & Entrepreneurial, and Enterprise Development Office (CICLEDO) ang talakayan ukol sa mga hamon at oportunidad na nararanasan ng mga kababaihang negosyante sa forum na pinamagatang "Women Entrepreneurs in the Fourth Industrial Revolution: Challenges and Opportunities" nitong Marso 25, 2024 sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Ibinahagi naman nina Operations Manager Michelle Ann Santos ng Lusia and Son at Owner and Manager Anabelle Kamantigue ng Sugarcube Café ang kanilang karanasan sa pagpapatakbo ng kani-kanilang mga negosyo mula sa pagiging medicine degree holders.

Nakasama rin dito si City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, habang nagbigay ng mensahe sa pamamagitan ng isang video message si Officer-in-charge Atty. Khay Ann Magundayao – Borlado ng Philippine Commission on Women.



## Basic Mushroom Production and Processing Training para sa mga kababaihang empleyado ng Imus LGU

Bilang pakikiisa ng Office of the City Agriculturist sa Pambansang Buwan ng Kababaihan, idinaos ang isang Basic Mushroom Production and Processing Training kalahok ang mga kababaihang empleyado ng Pamahalaang Lungsod ng Imus nitong Marso 26, 2024 sa City Ecological Village, Brgy. Malagasang I-G.

Layunin nitong maituro sa mga empleyado ang wastong pagpapatubo at pag-aalaga ng mga mushroom para magkaroon sila ng iba pang mapagkukunan ng kita.
Ang pagtuturo ng mushroom production at processing ay pinangunahan nina Dan Kevin Mojica at Janette Paula Ortiz.

Isa ang Basic Mushroom Production and Processing Training sa mga programa ng Office of the City Agriculturist na naghihikayat sa mga Imuseñong magtanim sa kani-kanilang mga tahanan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga training at workshop.

## Kahanga-hangang Imuseñas, pinarangalan

Kinilala ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ng Gender and Development (GAD) Unit, nitong Marso 26, 2024 sa City of Imus Youth Center ang mga Imuseñang kahanga-hanga ang mga naiambag para sa pag-angat ng mga komunidad sa Imus.

Mula sa limang finalist, hinirang na Most Inspiring Kahanga-hangang Imuseña si Ms. Teresita Leabras—isang negosyante, kasalukuyang presidente ng Cavite Information and Communications Technology Council, at tagapagtaguyod ng economic growth ng Imus at ng kalakhang Cavite.



Binati rin nina City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Yen Saquilayan sa pamamagitan ng isang video message, City Administrator Tito Monzon, GAD Unit Officer-in-charge (OIC) Jhett Vilbar – Lungcay, at City Tourism and Heritage Office OIC Dr. Jun Paredes ang mga kahanga-hangang Imuseña at kababaihang dumalo sa nasabing programa.

Sa parehong araw, isinagawa ng GAD Unit ang isang Women's Forum, kung saan pinag-usapan ang women empowerment, resiliency, at social responsibility.



## Women with Disability Day: Pamper day ng mga kababaihang may kapansanan

Libreng haircut, hair treatment, manicure, at masahe ang inihatid ng Persons with Disability Affairs Office (PDAO) at City College of Imus sa 150 kababaihang Imuseñong may kapansanan nitong Abril 4, 2024 na bahagi ng pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa Buwan ng Kababaihan.

Bukod sa mga nabanggit na libreng serbisyo, nakatanggap din ang mga dumalo ng special kit, habang naghandog ng special song performance ang special education students at ang magkapatid na sina Kianna Dhennise at Yvannah Louisse Ursua.

## Farmers' Field School on Urban Gardening, inilunsad ng Imus LGU

Pinasinayaan ng Office of the City Agriculturist ang programang "Farmers Field School (FFS) on Urban Gardening" noong Marso 7, 2024, sa City Plant Nursery ng City Ecological Village.



Layunin nitong maituro sa mga magsasaka at may interes sa pagtatanim ng gulay at prutas ang mga kaalaman patungkol sa urban gardening.

Ipinakilala ni City Agriculturist Robert Marges ang mga bagay na matututunan ng 25 kalahok sa kabuuang pagsasanay.

Dinaluhan din ito nina Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Officer-in-charge Jericho Reyes ng Youth Affairs Office, Punong Barangay Mark Valerio ng Brgy. Malagasang 1-G, at Ms. Nica Bautista bilang kinatawan ni Konsehal Totie Ropeta.

Bago matapos ang buwan ng Marso, natutunan na ng mga kalahok ang facilitation principles and method, levelling of expectations, setting of learning norms, seeds, seedbed and container preparation, land preparation kasama na ang hands-on training, seed sowing and caring of seedlings, planting, transplanting, at agro-ecosystem analysis (AESA).

## Imus LGU, mga ahensya ng gobyerno, pribadong sektor nagkaisa sa paglilinis ng Imus River sa World Water Day

Nagtulong-tulong ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, pribadong sektor, at iba pang ahensya ng gobyerno noong Marso 23, 2024 para sa sabayang paglilinis ng bahagi ng Imus River sa Ragatan, Brgy. Anabu I-G bilang pagdiriwang sa World Water Day tuwing Marso 22.

Sa tala, 190 kg o 85 sako ng basura ang nalikom ng 278 volunteers. Tinatayang nasa 95 kg ang nabubulok, 50 kg ang residual, 25 kg ang water hyacinth, at 20 kg ang nareresiklong basura.

Nanguna rin sa nasabing cleanup activity ang river adopters na San Miguel Yamamura Packaging Corp. – Glass Plant, JM Purificacion Trading, at mga Sangguniang Barangay ng Anabu I-C, I-E, I-F, at I-G.




Naging bahagi rin ang Department of Environment and Natural Resources – Environmental Management Bureau (DENR – EMB), DENR – EMB Provincial Environmental Management Unit Cavite, DENR – Provincial ENR Office River Rangers, Universal Robina Corp. – Hello Snacks Food at Nissin, WalterMart, at Ayala The District Imus.

## Pagbisita ni Mayor AA sa Eco Village

Kinumusta ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang kalagayan ng Animal Impounding and Healthcare Center gayon din ang mga tanim na gulay sa tanggapan ng Office of the City Agriculturist sa City Ecological Village, Brgy. Malagasang I-G noong Marso 4, 2024.





Sa pamamagitan ng mga regular na pagbisita ni Mayor AA sa mga tanggapan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, mas nasusuri at napag-aaralan niya ang mga pangangailangan ng mga Imuseño.



## *Urban Fire Olympics 2024, Isinagawa ng BFP Imus*

Sinimulan ng Bureau of Fire Protection (BFP) Imus ang Fire Prevention Month sa pagdaraos ng Urban Fire Olympics 2024 noong Marso 2, 2024, malapit sa New Imus City Government Center.

Ipinamalas ng 11 Barangay Fire Brigades at dalawang Industrial Fire Brigades ang kanilang kahanga-hangang kakayahan sa pagsugpo ng sunog at sa iba't ibang rescue techniques.

Lumahok din sa programa sina City Local Government Operations Officer Ryan Joseph Geronimo ng Department of the Interior and Local Government, Liga ng mga Barangay (LNB) President Reymundo "RR" Ramirez, at dating LNB President AJ Sapitan.

Ang buwan ng Marso ay kinikilala bilang Fire Prevention Month batay sa Proclamation No. 115-A, taong 1966, na layong ipaalala sa publiko na maging maingat sa lahat ng oras para maiwasan ang pagsiklab ng sunog.





## *BOOKLAT: A Book Translation Workshop sa 65th Public Library Day*

Idinaos ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ng Imus City Public Library, ang "BOOKLAT: A Book Translation Workshop" noong Marso 8, 2024, na ginanap sa Function Hall ng New Imus City Government Center sa paggunita ng "65th Public Library Day."

Nilahukan ito ng 41 guro mula sa Gen. Emilio Aguinaldo National High School at 26 na mag-aaral mula sa Malagasang III Elementary School na natutunan kung paano ang wastong language translation ng mga libro.

Katuwang sa naturang workshop ang The Asia Foundation kasama si Program Officer Reynald S. Ocampo.

Ipinagdiriwang ang Public Library Day tuwing Marso 9, batay sa Proclamation No. 563, taong 1959. Layon nitong maitaas ang kamalayan ng publiko sa kapakinabangan ng mga pampublikong aklatan sa lipunan.

Nakasentro ngayong taon sa temang "Ikaw, Ako, at ang Pampublikong Aklatan: Higit Animnapu't Limang Taong Pagtutugunan" ang Public Library Day.



## Libreng Wi-Fi, matatagpuan na sa mga tanggapan ng Imus LGU




Makagagamit na ng libreng Wi-Fi connection ang mga Imuseño sa kanilang pagbisita sa mga tanggapan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus matapos isagawa nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at H Philippines Control Station Inc. President Anne Rodriguez ang Memorandum of Agreement Signing nitong Marso 8, 2024 sa New Imus City Government Center.

## Task Force TOMAHAWK, binuo ng Imus LGU para sa kaligtasan ng mga motorista sa hatinggabi






Nagsama-sama ang City of Imus Traffic Management Unit, Civil Security Unit, at Imus Pulis para mabantayan ang kaligtasan ng mga motorista sa kanilang pagbabaybay sa mga kalye ng Imus mula alas-12 hanggang alas-singko ng umaga sa pamamagitan ng binuong grupo ng lokal na pamahalaan na "Task Force TOMAHAWK" ngayong Marso 2024.

Layon nitong maiwasan at mabawasan ang mga aksidenteng kalimitang nangyayari sa daan mula hatinggabi sa pamamagitan ng mas pinaigting na pagpapatupad ng batas trapiko.

Ilan sa kanilang mga binabantayan ay ang No Helmet/Improper Helmet, Driving without Proper License, Unregistered Motor Vehicles, at Driving under the Influence of Alcohol.

## Mga bagong opisyal ng barangay, nanumpa


Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang panunumpa ng pitong opisyal ng barangay noong Marso 8, 2024 sa New Imus City Government Center.

Nanumpa sina Punong Barangay Joven Lares at Kagawad Jayday Kyle Advincula ng Brgy. Anabu I-D, Kagawad Mario Miranda ng Brgy. Tanzang Luma II, Kagawad Greg Getonzo ng Brgy. Pinagbuklod, Kagawad Francis Barte ng Brgy. Anabu II-A, Kagawad Elsa Gadiano ng Brgy. Mariano Espeleta III, at Kagawad Christian Allan Santiago ng Brgy. Malagasang II-A.

Hangad ni Mayor AA ang tapat at maayos na paglilingkod ng mga bagong opisyal ng barangay para sa patuloy na pag-unlad ng Lungsod ng Imus.



## BAGONG WELCOME ARCHES SA IMUS, ITINAYO




Makikita na ang bagong welcome arches ng Lungsod ng Imus sa mga boundary nito sa mga karatig lungsod at bayan simula ngayong Marso.

Ang mga tagapagbati sa mga dumaraan at bumibisitang motorista ay matatagpuan sa boundary ng Imus sa mga lungsod ng Bacoor, General Trias, at Dasmariñas at bayan ng Kawit, Cavite.



## IMUS CITY PUBLIC LIBRARY, MULING GINAWARAN NG 2023 MOST DILIGENT PUBLIC LIBRARY IN THE PHILIPPINES

Sa ikalawang magkasunod na taon, pinarangalan ang Imus City Public Library ng Most Diligent Public Library in the Philippines para sa taong 2023 sa katatapos na 6th Gawad Pampublikong Aklatan ng National Library of the Philippines (NLP) noong Marso 22, 2024 sa NLP Building, Ermita, Manila.

Personal itong tinanggap nina City Librarian Rosena V. Roman at Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula.

Iginagawad ang nasabing parangal sa pampublikong aklatang walang-humpay na nagpapasa ng regular na buwanang ulat ukol sa mga programa at proyektong mas magpapayabong sa edukasyon at kaalaman ng mga mamamayan.

## IMUS LGU, ISA SA TOP PERFORMING LGUs SA RCEF – SEED PROGRAM NG PHILRICE




Iginawad sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ng Office of the City Agriculturist, ang Certificate of Recognition matapos kilalanin bilang isa sa top performing local government units (LGUs) sa implementasyon ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) – Seed Program for the 2023 Wet and 2024 Dry Seasons sa ginanap na 2024 RCEF Seed and Extension Programs CALABARZON Partners Recognition and Awarding Ceremony ng Department of Agriculture – Philippine Rice Research Institute Los Baños noong Marso 15, 2024.

Patunay ito sa kontribusyon at suporta ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para matulungan ang mga magsasakang umangat sa kabila ng industriyalisasyon.



## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Thea Castillo

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman

IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite